Pagpondo ng Publikong Edukasyon – Solusyon sa Tagumpay

Kulang sa pondo ng maraming taon na ang publikong edukasyon sa B.C. Habang mahusay ang pakiklahok ng mga mag-aaral sa B.C. sa pambansa at pandaigdigang pagtatasa, ang patuloy ng malabong, hindi maayos at kulang sa pondo para sa publikong edukasyon sa lalawigan ay naging hadlang sa pakikilahok at pag-unlad ng mga pagtutulungan na maaaring humubog sa mabuting sistema bilang pinakamagaling sa mundo.

Badyet ng publikong edukasyon ng Vancouver

May badyet na umaabot sa $500 milyon ang Lupon ng Paaralan ng Vancouver (VSB). Galing sa panlalawigang tulong ang karamihan sa kita (95%), na humuhubog sa panlalawigang pondo na pangunahing batayan sa pagpapatunay sa serbisyong pang-edukasyon at programa na maibibigay sa Vancouver.

Kakulangan sa pondo – mga dahilan at nagpadadagdag

Malaking buta sa 2011/2012 sa inaasahang gugol ng distrito na $495.5 milyon, at inaasahang kita na $483.7 million. Dahil dito, hinaharap ng VSB ang pangangasiwang kakulangan sa badyet na $11.8 milyon sa susunod na taon. Nadadagdagan ang netong kakulangan sa pondo para sa VSB simula 2002/2003 na umaabot sa pangkabuuang $80 milyon sa 2011/2012.



Hindi lamang ang VSB ang nag-iisang distritong paaralan sa B.C. na dumadanas ng malawakang kakulangan sa bawat taon – ito ay kuwento paulit-ulit sa mga distritong paaralan sa buong lalawigan.

Malinaw ang dahilan sa palagiang kakulangan sa pondo: ang pondo sa bawat mag-aaral na itinalaga noong 2002/2003 na hindi binilang ang gugol na pondong tumataas kadalasan na hinaharap ng mga distrito, o nakatalagang gugol na nanatili maski sa malilit na pagbabago sa pagpapalista. Sakop nitong gugol ang:

- pagtaas ng sahod
- pagtaas ng gugol sa mga pakinabang ng mga empleyado (hal. CPP, EI, MSP, pinalawak ng kalusugan at sa ngipin, pensiyon)
- pagtaas ng gugol sa mga kalakal at serbisyo
- nakatalagang ugnay sa pasilidad at gugol ng paaralan at pangangasiwang distrito na hindi nagbabago sa maliliit na pagbabago sa pagpapalista

Pagpondo ng Publikong Edukasyon – Solusyon sa Tagumpay

Kinakailangan ng VSB ng karagdagang panlalawigang pondo sa halagang mula $8 hanggang $12 milyon para sa 2011/2012 upang mapanatili ang mga programa at serbisyo sa kasalukuyang antas.

Sa VSB, aming layuning maki-ugnay sa pamahalaang B.C. upang makabuo ng bagong nakatalagang, inaasahan at nararapat na solusyon sa pondo ng publikong edukasyon para sa ika-21 siglo. Paniniwala namin na nakikibahagi ang lahat ng publikong edukasyon stakeholder sa layuning ito.

Para magtagumpay ang publikong edukasyon, dapat nakatalaga at inaasahan ang pondo sa distritong paaralan, upang tapat at responsableng makaplano ang mga paaralang distrito sa mga sumusunod na taon. Dapat ring baguhin ang solusyon sa pondo upang mabilang ang nakatalaga at lumalaking gugol na hinaharap ng mga distritong paaralan.

Pinapayo ng VSB magkaroon ng pormal at bukas na pagsisiyasat ng pagpopondo sa publikong edukasyon upang maiwaksi ang hindi sigurado at paulit-ulit na hindi sapat na solusyon sa kasalukuyang pagpopondo. Dapat bilang sa pagbabalik-aral na ito ang mga kinatawan sa mga katiwala ng mga paaralan, tagapangasiwa ng paaralan at distrito, mga pangkat ng empleyado, ang publiko at iba pang mga stakeholder na nagtratrabaho sa pamahalaan ng B.C. upang makita ang maaaring pinakamabuting solusyon sa edukasyon para sa ating mga mag-aaral.

Sulyap sa VSB

- **109 paaralan**
- **6 sentrong edukasyon sa mga taong may sapat na edad**
- **56,600 mag-aaral**
- **5,490 empleyadong katumbas sa full time (FTE), bilang ang 3,130 guro at 810 taga-tulong sa edukasyon at 194 punong-guro at pangalawang punong-guro at 1,356 iba pang propesyonal at kawaning taga-suporta**